



College of Physicians and Surgeons of British Columbia

300-669 Howe Street
Vancouver BC V6C 0B4
www.cpsbc.ca

Telephone: 604-733-7758
Toll Free: 1-800-461-3008 (in BC)
Fax: 604-733-3503

Labag sa Batas na Pag-Practice

Siguraduhin na ang inyong propesyonal na pangkalusugan ay napangangasiwaan, lisensyado at may pananagutan

Kabilang sa kautusan ng College para sa proteksyon ng publiko ang pagtiyak na ang mga taong hindi nakarehistro o lisensyado sa College ay hindi dapat nagbibigay ng anumang serbisyo o paggamot na itinuturing na "practice ng medisina." Ang pag-practice ng medisina ay isang itinakdang propesyon sa kalusugan ayon sa [Health Professions Act \(Batas para sa Mga Propesyonal sa Kalusugan\)](#). Ang mga doktor at surgeon lamang na lisensyado at nakarehistro sa College (tinatawag na mga College registrants) ang awtorisadong mag-practice ng medisina sa BC.

Ang mga indibidwal na nagpapanggap na registrants ng College, at/o nag-aalok ng mga serbisyong medikal ng walang lisensya at hindi rehistrado sa College ay gumagawa ng labag sa batas na practice.

Ang mga panganib sa paggamit ng serbisyo ng hindi lisensyadong practitioner

Ang mga indibidwal na hindi nakarehistro at lisensyado sa College ay walang mga kinakailangang kasanayan, kaalaman o kwalipikasyon upang mag-practice ng medisina sa British Columbia. Ang mga hindi lisensyadong practitioner na ito ay di-napangangasiwaan (not regulated) at dahil dito ay walang mataas na pamantayan na tulad ng mga nakarehistro sa College. Ang mga tao na nag-aalok ng labag sa batas na pag-practice ng medisina ay maaaring:

- magbigay ng hindi tama o hindi kumpletong payo tungkol sa mga benepisyo at panganib ng isang partikular na paggamot, nangangahulugan na ang kliyente/o pasyente ay di makapagbibigay ng tamang pagsang-ayon
- hindi sundin ang mga protocol o pamamaraan para sa sterilization at pagkontrol ng impeksyon, ilalagay ang kanilang mga kliyente sa mas malaking panganib ng impeksyon at mga sakit na dalá ng dugo; ang mga pamamaraan ay maaring magresulta sa pagkasira ng skin tissue na karaniwan ay ipapadala sa isang laboratoryo upang siyasatin para sa posibleng sakit na nangangailangan ng paggamot
- gumamit ng mga gamot o iba pang mga sangkap nang hindi lubos na nauunawaan ang mga epekto nito at contraindications, maling paggamit ng mga gamot o iba pang mga sangkap, o di-naaangkop na dami nito, ang lahat ng mga ito ay naglalantad sa mga kliyente sa panganib ng malubhang pinsala o pagkamatay.

Ang mga hindi lisensyadong practitioner ay hindi rin nakaseguro. Kaya ang mga kliyente ay mahihirapang humingi ng tulong sa mga kaso na kung saan ang mga nasabing practitioner ay nagdulot ng pinsala dahil sa kapabayaan. Ang mga kliyente ay maaaring hindi mabayaran para sa mga pinsala, mga nagastos sa paggamot o nawalang sahod.

Mga uri ng labag sa batas na practice na madalas matagpuan

Ang mga serbisyong ito ay hindi maaaring ibigay ng mga indibidwal na di rehistrado o lisensyado sa College, kahit na ang mga ito ay inaalok nang walang bayad:

- minor na surgical procedures o mga invasive na kosmetikong procedure
- pag-aalis ng nunal
- chelation therapy
- pag-iniksiyon ng botulinum toxin A (Botox)
- pag-iniksiyon ng hyaluronic acid (dermal fillers)
- pag-iniksiyon ng local anesthesia o iba pang mga sangkap na mula sa mga parmasya
- mga pang diagnostic na serbisyo ng mga di lisensyadong indibidwal, tulad ng MRI, ultrasound at X-ray

Ang magagawa ng College para protektahan ang publiko mula sa isang di lisensyadong practitioner

Itigil at ihinto

- Maaaring seryosong kausapin ng College ang mga di lisensyadong practitioner sa pamamagitan ng pagsulat sa kanila na nagpapahayag ng mga kautusan ng College at hilingin na itigil nila at ihinto ang pagbibigay ng mga serbisyong nasa ilalim ng saklaw ng pag-practice ng medisina at/o paggamit ng mga titulo na nakalaan lamang para sa mga nakarehistro sa College.

Pagpapatupad

- Maaaring hilingin ng College sa isang di lisensyadong practitioner na itigil ang labag sa batas na pag-practice ng medisina at/o paggamit ng mga titulo sa pamamagitan ng pagkumbinsi na mangako ang (mga) indibidwal na ihinto ito, sa isang legal na dokumento.

Paghahanap at pagkumpiska

- Maaaring mag-apply ang College sa Korte Suprema para sa isang kautusan na nagpapahintulot sa isang imbestigador ng College at/o isang contractor na maghalughog sa ari-arian ng pinaghihinalaang di lisensyadong practitioner, at kumpiskahin ang mga record, ari-arian at iba pang mga bagay na mahalaga para sa karagdagang pagsisiyasat.

Permanenteng atas o injunction

- Maaaring mag-apply ang College sa Korte Suprema para sa isang kautusan upang pigilan ang isang indibidwal sa pagpa-practice ng medisina, o pagkukunwari na rehistrado sa College. Ang College ay binigyan ng permanenteng atas sa mga sumusunod na usapin:
 - [Zhuo \(Sabrina\) Li and Sabrina Permanent Make-Up Studio Inc.](#)
 - [Mobile Life Imaging LLC](#)
 - [Anita Fofie and Dermix Institute of Aesthetic Medicine](#)

Mga hindi maaaring gawin ng College

Walang kapangyarihan ang College na utusan ang isang di lisensyadong practitioner na itigil at ihinto ang kanyang labag sa batas na aktibidad nang walang kautusan ng korte. Bilang karagdagan, ang College ay di maaaring utusan o impluwensyahan ang pinansyal na pagbabayad sa ngalan ng isang kliyente kapag nagbayad na para sa mga serbisyo, o di maaaring utusan ng College ang walang lisensyang practitioner na bayaran ang damages o mga pinsala ng kliyente.

Ang College ay di maaaring magbayad ng napinsalang (injured) mga kliyente sa ngalan ng mga di lisensyadong practitioner. Ang mga kliyenteng napinsala ay maaaring humiling ng tulong (recourse) mula sa di lisensyadong practitioner sa pamamagitan ng paglilitis na sibil (civil litigation).

Habang ang College ay di maaaring magreklamo sa pulis sa ngalan ng isang kliyente kung saan pinaghihinalang may mga ilegal na aktibidad, maaaring iulat ng College ang usaping iyon sa pulis para sa mabilis na aksyon kung kinakailangan.

Paano mag-ulat ng mga pag-aalala tungkol sa labag sa batas na practice

Kung nag-aalala na ang isang indibidwal ay maaaring gumagawa ng labag sa batas na practice ng medisina, maaaring ipaalam sa College nang hindi nagpapakilala sa pamamagitan ng pagtawag sa 604-733-7758 (matatawagan nang libre 1-800-461-3008), o kaya punan ang online form sa [Contact Us section](#). O maaaring, magkumpleto ng isang [Unlawful Practice of Medicine Report](#) (Pagsusumbong Ukol sa Labag sa Batas na Pag-Practice ng Medisina) o isang sulat ay maaaring ipadala sa College gamit ang sumusunod:

- fax 604-733-3503
- ipadala sa koreo:
Investigations Department
College of Physicians and Surgeons of BC
300–669 Howe Street
Vancouver BC V6C 0B4
Canada

Tandaan: Ang ilan sa mga serbisyong medikal, mga pamamaraan o paggamot ay maaaring gawin ng ibang propesyonal sa pangangalaga sa kalusugan kung regulated o pinangangasiwaan ng ibang colleges sa ilalim ng *Health Professions Act*, tulad ng mga dentista, naturopathic physicians, podiatrists at mga rehistradong nurses. Upang malaman kung ano ang mga awtorisadong gawin ng mga propesyonal na ito, o upang alamin kung paano makokontak ang mga nangangasiwang organisasyon sa mga propesyong ito, bisitahin ang www.bchealthregulators.ca. Kung may pag-aalinlangan na ang isang indibidwal ay regulated, ang publiko ay hindi dapat mag-atubiling magtanong sa propesyonal kung sila ay lisensyado at nakarehistro alinsunod sa *Health Professions Act*. Maaari din ninyong kontakin ang health professional's regulatory authority (awtoridad na nangangasiwa sa mga propesyonal sa kalusugan) upang malaman kung naaangkop ang paggamot o pamamaraan na iminumungkahi ng propesyonal sa kalusugan.

Mga Madalas na Katanungan

Paano matitiyak ng mga pasyente na ang isang doktor ay lisensyadong mag-practice ng medisina sa BC?

Ang mga pasyente ay maaaring gamitin ang [direktoryo ng mga doktor](#) ng College upang tiyakin na ang practitioner ay kasalukuyang nakarehistro at lisensyado sa British Columbia. Maaari din kontakin ng mga pasyente ang College sa pamamagitan ng [telepono o email](#).

Sino ang may pahintulot na mag-practice ng medisina sa BC?

Ang mga indibidwal lamang na nakarehistro at lisensyado sa College of Physicians and Surgeons of BC ang maaaring mag-practice ng medisina sa probinsiya.

Sino lamang ang karapat-dapat na gumamit ng titulong "doktor" at mga pagdaglat nito?

Ang mga nakarehistro lamang sa College ang may pahintulot ng batas na gumamit ng titulong "doktor" na may ilang mga eksepsyon: mga miyembro ng iba pang mga pinangangasiwaang propesyon sa kalusugan (hal. mga dentista, naturopath, chiropractor), at mga taong may naaangkop na pang akademiko o pagtatalagang pang-edukasyon (hal. PhD). Ang Korte Suprema ng BC ay dati nang nagsabi na kahit na ang mga taong may medikal na training at degree ay di maaaring tawagin ang sarili na "doktor" sa mga sitwasyon kung saan sila ay nagpapahayag o nagpapahiwatig na sila ay mga rehistrado ng College.

Maaari bang mag-iniksyon ang isang esthetician o medical office assistant ng Botox at/o mga dermal filler?

Hindi. Ang mga propesyonal sa kalusugan lamang na lisensyado at rehistrado, at na karapat-dapat sa ilalim ng saklaw ng kanilang practice, ang may pahintulot na mag-iniksyon ng Botox at/o mga dermal filler. Ang mga esthetician o iba pang mga hindi regulated na tao ay di awtorisadong mag-iniksyon ng mga gamot gaya ng Botox, anumang training o kwalipikasyon ang kinuha nila mula sa isang “medical esthetic” na institute o akademya.

Maaari ba na ang isang rehistradong nurse o lisensyadong practical nurse ay mag-iniksyon ng Botox at / o mga dermal filler?

Oo, sa ilang pagkakataon. Ang isang rehistrado at lisensyadong doktor ay dapat munang suriin ang pasyente at bigyan ng direksyon ang nurse o lisensyadong practical nurse na gawin ang pag-iniksyon. Dapat naroroon ang doktor sa pasilidad habang isinasagawa ang pag-iniksyon.

Ang isa bang indibidwal ay maaaring magsampa ng reklamo sa College tungkol sa isang hindi lisensyadong practitioner nang hindi nagpapakilala?

Oo. Dapat na komprehensibo ang mga reklamo at naglalaman ng sapat na detalye upang pahintulutan ang College na magsagawa ng imbestigasyon sa mga paratang. Hindi kailangan ang mga personal na detalye mula sa taong nagsasampa ng reklamo.